Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-17 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamalmal | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

## *KAPASIYAHAN BLG. 128-T-2002*

***KAPASIYAHANG KINIKILALA BILANG ISANG SIMPLENG SABDIBISYON ANG LUPANG PAG-AARI NI G. JULIAN AGLAHI NA MAY SUKAT NA 5,181 METRO-KUWADRADO NA MATATAGPUAN SA BARANGAY PATIMBAO NG BAYANG ITO.***

*SAPAGKA'T*, ang nasabing lupa na pag-aari ni G. Julian Aglahi na may sukat na 5,181 metro-kuwadrado ay isang lupang residensyal na pinagbaha-bahagi at pinananahanan noong taong 1975 hanggang sa kasalukuyan;

*SAPAGKA'T*, nagkaroon ng pakikipag-ugnayan ang nasabing tao sa Pambayang Tanggapan ng Pagsosona upang kilalanin at gawing legal ang nasabing lupa;

*SAPAGKA'T*, matapos na masuri at malaman sa sanggunian ito ang pagsunod ng nasabing tao sa mga kailangan o "requirements" sa pagtatayo ng sabdibisyon na nirekomenda ng lupon sa sabdibisyon na kilalanin ang naturang lupa bilang isang simpleng sabdibisyon.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamalmal at Purita P. Sarmiento at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na kilalanin bilang isang simpleng sabdibisyon ang lupang pag-aari ni G. Julian Aglahi na may sukat na 5,181 metro-kuwadrado na matatagpuan sa Barangay Patimbao ng bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at G. Julian Aglahi, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan